www.ilo.org/manila

Umaabot sa dalawa't kalahating milyong manggagawa sa buong daigdig ang nasasawi bawat taon dahil sa mga sakuna't karamdamang dala ng kanilang trabaho. Umaabot din sa dalawang-daa't pitumpung milyong mga sakuna ang nagaganap at milyun-milyong iba pa ang nagkakasakit dahilan sa kanilang hanapbuhay.

Ang pangangalaga sa kapakanan ng mga manggagawa sa mga bukirin, palakaya, pagbrika't opisina ay paraan tungo sa isang maunlad na bansa. Patatagin ang mga programang nagsusulong sa karangalan ng paggawa. Isang napapanahong mensahe't panawagan ng International Labor Organization ngayong World Day for Safety and Health at Work, Abril veinte ocho, 2007.